# PAGBASA NA MAY BALIDASYON GAMIT ANG INTERBENSIYON AT ISTRATEHIYA NG MGA BATA SA IKATLONG BAITANG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG STO. TOMAS



**ARLEEN B. MORALES**
Master Teacher I– Sto. Tomas Elementary School

## ABSTRAK

Dahil sa pandemya nagkaroon ng malaking suliranin kinakaharap ang paaralan lalo sa larangan ng pagbasa. Marami sa mga mag-aaral ang hindi makabasa at makaunawa sa kanyang binasa. Malaki ang epekto nito sa kanilang pag-aaral dahil hindi maabot ang lubusang pagkatuto sa bawat araling tinatalakay ng guro kung hindi marunong bumasa at hindi makaunawa sa binasa.

Dahil dito ang mananaliksik ay umisip ng paraan kung paano matutulungan ang kawawa nating mag-aaral. Kailangang makaisip ng interbensyon na aagapay upang malutas ang problemang kinakaharap.

Base sa pag-aaral ang mananaliksik ay lubusang humanap ng epektibong interbensyon na makakatulong na mabago ang kalagayan ng mag-aaral sa pagbasa. Sinuring mabuti ng mananaliksik ang Strategic Intervention Material (SIM) na gagamitin bago ito tuluyang gamitin. Sinuri ang kaangkupan nito sa kakayahan ng mga mag-aaral upang maging mabilis at tuluy-tuloy ang pagkatuto. Mawawalan ng saysay ang pag-aaral kung ang ibibigay natin sa mag-aaral ay lubhang malaki ayon sa kanilang kakayahan.

Nagbigay ng pretest at posttest upang makitaan ng kaibahan ng pagkatuto sa pagbasa gamit ang (SIM). Nagkaroon ng monitoring upang malaman kung meron bang humahadlang sa daang pagkatuto, at ito'y lubusang natutugunan sa tulong ng guro at mga magulang.

Ang Strategic Intervention Material na ginamit ay ang Marungko Technique na may antas isa hanggang lima. Malaking tulong ang interbensiyong ginamit dahil malaki ang naging epekto nito sa kakayahan sa pagbasa ng mga bata. Makikitaan sila ng pagkaalis ng takot at

pagkakaroon ng tiwala sa sarili. Masaya nilang hinaharap ang araw-araw na gawain sa eskwela.

Kung kaya't napatunayan ng mananaliksik na epektibo ang ginamit na interbensiyon at maari itong ipaalam sa mga kasamahang guro upang tuluyang bumaba ang bahagdan ng pagkabigo at hindi makabasa sa paaralan.

***Keywords**: Strategic Intervention Material, Marungko Technique*

## PANIMULA

Ang malaking pagbabago sa nakagisnang gawain sa paaralan ay nagkaraoon ng napakalaking epekto sa pag-aaral ng mga kabataan. Nakakaawa at nakakahabag ang mga batang nakikita mo na nakakulong sa madilim na karunungan. Mapalad ang mga batang may mga magulang at kapatid na umaagapay habang nasa gitna ng pandemya, maayos na nagagabayan ang kanilang pag-aaral subalit paano na ang mga batang naghahanap-buhay ang mga magulang, walang oras, walang panahon na sila ay maturuan at magabayan.

Kung kaya't ang pag-aaral ay naisipang isagawa upang sa pagbalik ng mga bata sa paaralan ay magkaroon ng tiyak na istratehiya na gagamitin para matulungan silang maibalik ang napakalaking nawala sa pagkatuto ng mga bata.

## PAMAMARAAN

Ang pananaliksik ay ginawa ni Gng. Arleen B Morales, guro ng Ikatlong Baitang ng Paaralang Elementarya ng Sto. Tomas, siya rin ang gumabay sa nasabing interbensyon simula sa pakikipag-usap sa magulang hanggang sa matapos ang pag-aaral.

Ang guro ay gumamit ng paunang pagtatasa sa mga kalahok upang lubos na maunawaan ang kalagayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa. Ang ibinigay na interbensyon sa mga kalahok ay depende sa antas ng kanilang kalagayan.

Dahil binigyan ng sapat na oras ng mananaliksik ganun din ang pakikipagtulungan ng kanilang mga magulang, naging mabilis at kasiya-siya ang pagkatuto nila sa pagbabasa.

Ang pagsusulit na inihanda (pretest at postest) ay ginawa upang malaman kung may kaibahan ang kakayahan ng mga mag-aaral bago at matapos ang ginawang pag-aaral.

### A.Participants and/ or other Sources of Data and Information

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Paaralang Elementarya ng Sto. Tomas mula sa siyam (9) na pangkat ng nasabing baitang.

Dalawampu't walong (28) mag-aaral sa Ikatlong Baitang ng Paaralang Elementarya ng Sto. Tomas, Panuruang Taon 2021-22**.**

### B.Data Gathering Methods

Binubuo ng dalawampu't walong mag-aaral sa Ikatlong Baitang ang naging pangunahing respondent o kalahok sa pagtataya ng kaangkupang pangnilalaman kasanayang gawain at pormulasyon ng kagamitang pampagtuturo ay inihanda**.**

Ang mag-aaral na ito ay mula sa siyam na seksiyon ng Ikatlong Baitang na pinili gamit ang Compete Enumeration. Ibig sabihin sa pagtataya ng inihandang Strategic Intervention Material o (SIM), gagamitin bilang kalahok ng mananaliksik ang dalawampu't walong mag-aaral na siyang makapagbibigay ng angkop at kinakailangang impormasyon tungo sa pagpapabuti ng kagamitang pampagtuturong inihanda.

## KINALABASAN

*Table I Resulta ng obserbasyon ng mga guro sa kakayahan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika 3 Baitang.*

| | | Kakayahan sa Pag-Unawang Literal | Kakayahan sa Pag-unawang Literal at Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pangkat A (Control Group) | Bahagdan ng mga mag-aaral | 74.5% | 25.5% |
| | bilang ng mga mag-aaral | 21 | 7 |
| Pangkat B (Experimental) | Bahagdan ng ng mga mag-aaral | 0% | 28 |

*Table 2. Resulta ng Pretest at Posttest*

| | Mean Experimental | Mean Control | Difference between Means | Critical Value | T-Value |
|---|---|---|---|---|---|
| Pretest | 20.01 | 21.64 | 1.63 | 1.97 | 1.538 |
| Posttest | 38.07 | 29.37 | 8.7 | 1.97 | 10.435 |

Makikita sa Table I na may mataas na kakayahan sa pagsagot sa mga katanungan literal na lebel lamang ngunit sa mga katanungan nangangailangan na ito ng mas malalim ng pang-unawa sa mga akdang binabasa ay unti-unting bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nasabing sila ay nakakasagot nang mahusay sa mga katanungang inilalahad, patunay lamang ito na nangngangailangan ang mga mag-aaral ng interbensiyon upang mapaunlad ang kakayahan nila sa pang-unawa sa mga binabasa na siya rin nag-udyok sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral tungkol sa pagbasa.

Samantalang sa resulta ng obserbasyon, may mga mag-aaral na walang kakayahan sumagot sa mga katanungan ay maaaring ituring na salik ng pagkatuto na maaaring naka-apekto sa kanilang kakayahan dahil sa pagtigil sa pagpasok sa paaralan dahil sa pandemiya.

Sa kabuuan, makikita sa Table 2, ang resulta ng pretest ng mga mag-aaral. Ipinakita sa Table na may difirens sa mean o 3.26% na nangangahulugan ng pagamit ng interbensyon sa dalawang pangkat.

Makikita rin sa Table and resulta ng posttest ng mga mag-aaral. Inilahad sa Table na may 8.7% na difirens o 17.40%. Pinatunanayan lamang na may pagtaas na antas ang performance ng mga mag-aaral pagkatapos gamitang ng istratehiyang sama-samang pagkatuto or Strategic Material Intervention (SIM).

Ang mean gain ng experimental group and 18.06% ay ikinumpara sa control group na 7.73%. Ipinakita dito na mas mataas ang pagtaas and mean ng experimental group.

## PAGTALAKAY

Nilalalayon ng mananaliksik ang pag aaral na ito upang masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1.Ano-ano ang mga nilalaman na paksa at Gawain napapaloob sa Strategic Intervention Material (SIM)?

- Ginamit ng mananaliksik ang Marungko Antas bilang isa hanggang lima.
- Bawat antas ay may kaangkupang letra na dapat sanayin hanggang mabasa nila unti- unti ang mga salita, parirala, pangungusap at maikling kwento.

2. Ano ang antas ng balidasyon ng mga kasanayan gawain at pormulasyon nakapaloob sa Strategic Intevention Material (SIM) batay sa mga eksperto, mga guro at mga mag- aaral?

- Ang ginamit na Strategic Intervention Material (SIM) ay napatunayang epektibo dahil sa unti-unting hakbang ng paghasa sa pagbasa. Ang pagkakasunud-sunod ng letra na ginamit ay napag-aralan din ng mga eksperto na mabisa at epektibo.
- Ito din ang kalimitang ginagamit ng mga guro sa pribado at pamublikong paaralan dahil sa epektibong pagka-disenyo ng materyal.
- Napatunayan ko din sa aking mga mag-aaral na ito ay epektibo dahil nakakitaan ko sila ng bilis sa pagkatuto sa pagbasa. Angkop na angkop ang pagkakasunud-sunod ng letra na ginamit upang patuloy na makamit ang bahagdan ng pagkatuto. Patuloy ko itong gagamitin at aking ipapabatid sa mga kasamahang guro ang epektibong pag-gamit ng Strategic Intervention material (SIM) na ginamit sa pananaliksik.

3.May kaugnayang pagkakaiba ba ng balidasyon ng mga eksperto, mga guro at mga mag-aaral batay sa kasanayang gawain at promulasyong nakapaloob sa

istratehiya inilatag ng mananaliksik sa pag-aaral?

- Ang mga natuklasan ng eksperto ay malaking tulong sa pagpili ng interbensiyong gagamitin sa pangkasalukuyan subalit ang nakagisnang interbensyon na ginagawa ng mga guro sa mag-aaral ay kaiba sa Strategic Intervention (SIM) na ginamit sa pag-aaral, kung kaya't mabagal ang pagkatuto sa larangan ng pagbasa. Dahil sa aking napatunayan sa pag-aaral ito ay maari kong maituro sa aking mga kasamahan upang umunlad ang kakayahan ng mga bata sa pagbasa.

## PAGKILALA


Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa mga taong naging bahagi ng pag-aaral na ito. Maaring hindi matapos at maging matagumpay ang pag-aaral kung hindi nila ibinigay ang buong suporta at pagmamahal.

Lubos din nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga litaratura ng mga nakaraang mananaliksik dahil sa mga sanggunian na ito na nagbigay ng suporta upang mas katiwala ang mga pag-aaral sa susunod na henerasyon.

Nagpapasalamat din ang mananaliksik sa kaniyang mga magulang, pamilya na patuloy
na nagbibigay ng lakas ng loob at tiwala upang mapagtagumpayan ang bawat hamon sa larangan ng pagtuturo.


## SANGGUNIAN


Alejo, C.T. (2001), Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. C&E Publishing, Inc. https://books.google.com.ph/books about/Pagbasa _Pagsulat_Tungo_ Sa_Pananaliksik.htmd=eaW1tAECAAJAA &redir_esc=y

Cruz, M.L. (2009) "Linangin Wika at Salita"IBON Foundation.

DO 42 s. 2016. Policy Guidelines On Daily Lesson Preparation for the K to 12 basic Education Program Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2016/06/17/do-42-s.2016 policy guidelines-on-daily lesson-preparation for-the-k-to-12 basic education program/

Garcia, G.N. (2009). Thesis "Paghahanda ng Modyul sa Palinang ng mga Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya.

Rowntree. M.V. (2009), Curriculum and Instructional Methods in Elementary and Middle School (6th ed.) Boston, MA; Pearson Education, Inc.